# Pagtatrabaho Habang May Kapansanan: Paano Kami Makatutulong

## Ano ang nasa loob


| | |
|---|---|
| Kukuha ba kayo ng mga benepisyo sa kapansanan? Matutulungan namin kayong makapagtrabaho | 2 |
| **Mga panuntunan sa pagkakaroon ng kapansanan ng Social Security** | |
| Ang mga insentibo sa trabaho ng Social Security sa isang sulyap | 2 |
| Paano naaapektuhan ng inyong kita ang inyong mga benepisyo sa Social Security | 3 |
| Ano ang dapat iulat kung kayo ay nagtatrabaho at tumatanggap ng benepisyo sa kapansanan ng Social Security | 4 |
| Kung nawalan kayo ng trabaho | 4 |
| Mga espesyal na patakaran para sa mga manggagawang walang paningin (bulag) | 4 |
| **Mga panuntunan ng programang Supplemental Security Income (SSI)** | |
| Ang mga insentibo sa trabaho ng SSI sa isang sulyap | 4 |
| Plan to achieve self-support (PASS) | 5 |
| Kung ang inyong layunin sa trabaho ay magtrabaho para sa sarili | 6 |
| Paano naaapektuhan ng inyong kita ang inyong mga kabayaran ng SSI | 8 |
| Ano ang dapat iulat kung kayo ay nagtatrabaho at tumatanggap ng SSI | 8 |
| Gaano katagal magpapatuloy ang inyong Medicaid | 9 |
| Pakikipag-ugnayan sa Social Security | 9 |

## Kukuha ba kayo ng mga benepisyo sa kapansanan? Matutulungan namin kayong makapagtrabaho

Kung kayo ay kukuha ng mga benepisyo sa kapansanan, mayroon kaming magandang balita para sa inyo. Makatutulong sa inyo ang mga insentibo sa trabaho at programang Ticket to Work ng Social Security kung interesado kayong magtrabaho.

May mga espesyal na patakarang ginagawang posible para sa mga taong tumatanggap ng mga benepisyo sa kapansanan ng Social Security o Supplemental Security Income (SSI) na magtrabaho at makatanggap pa rin ng buwanang kabayaran.

At kung hindi kayo makapagpatuloy sa pagtatrabaho dahil sa inyong medikal na kondisyon, ang inyong mga benepisyo ay maaaring magsimulang muli — maaaring hindi na ninyo kailangang mag-file ng bagong aplikasyon.

Kabilang sa mga insentibo sa trabaho ang:

- Patuloy na pagtanggap ng mga pampinansyal na benepisyo sa loob ng partikular na panahon habang kayo ay nagtatrabaho;
- Tuluy-tuloy na Medicare o Medicaid habang kayo ay nagtatrabaho; at
- Tulong sa edukasyon, pagsasanay, at rehabilitasyon upang magsimula sa bagong linya ng trabaho.

Ang Social Security at SSI ay may magkakaibang mga patakaran. Ilalarawan namin ang mga patakaran sa ilalim ng bawat programa sa booklet na ito. Ang mga insentibo ng Social Security ay nagsisimula sa pahina 2, at ang mga insentibo ng SSI ay nagsisimula sa pahina 4.

Kung kayo ay tumatanggap ng Social Security o SSI, agad na ipaalam sa amin kung kailan kayo nagsimula o tumigil magtrabaho, o kung mayroong anumang iba pang pagbabago na maaaring makaapekto sa inyong mga benepisyo.

Ang programang Ticket to Work ay maaaring makatulong din sa inyo kung nais ninyong magtrabaho. Maaari kayong makatanggap ng:

- Libreng bokasyonal na rehabilitasyon;
- Pagsasanay;
- Mga referral sa trabaho; at
- Iba pang suporta sa paghahanap ng trabaho.

Hindi kayo sasailalim sa mga medikal na pagsusuri habang ginagamit ninyo ang libreng "ticket" at lubos ninyong pinagsisikapan ang inyong planong bumalik sa trabaho.

Kapag handa na kayong siyasatin ang inyong mga opsyon sa trabaho, Maaari rin kayong bumisita sa website ng Ticket to Work sa ***www.choosework.ssa.gov*** para sa higit pang impormasyon, mayroon kaming Help Line ng Ticket to Work na magagamit ninyo upang makipag-usap sa amin tungkol sa trabaho, mga benepisyo, o aming mga programa ng insentibo sa trabaho. Tumawag sa **1-866-YOURTICKET** (**1-866-968-7842**), mula Lunes hanggang Biyernes mula 8 a.m. hanggang 8 p.m. EST. Kung kayo ay hindi nakakarinig (bingi) o nahihirapang makarinig, maaari kayong tumawang sa aming numero para sa TTY, **1-866-833-2967**. O maaari kayong tumawag sa aming toll-free na numero at hilingin ang *Your Ticket to Work* (Publikasyon Blg. 05-10061) Available din sa ***www.socialsecurity.gov/pubs***

## Ang mga insentibo sa trabaho ng Social Security sa isang sulyap

(Ang mga patakaran sa programa ng SSI ay nagsisimula sa pahina 4.)

**Trial work period —** Ang trial work period ay nagbibigay-daan sa inyong suriin ang inyong kakayahang magtrabaho sa loob ng hindi bababa sa siyam na buwan. Sa panahon ng inyong trial work period, matatanggap ninyo ang inyong buong benepisyo ng Social Security magkano man ang inyong kinikita hangga't pumapasok kayo sa inyong trabaho, at patuloy kayong nagtataglay ng inyong kapansanan. sa

2018, ang trial work month ay anumang buwan kung kailan ang inyong kabuuang kita ay higit sa $850. Kung kayo ay nagtatrabaho para sa sarili, kayo ay may trial work month kapag kayo ay kumikita ng higit sa $850 (pagkatapos ng mga gastusin) o nagtatrabaho nang higit sa 80 oras sa inyong trabaho. Ang trial work period ay nagpapatuloy hanggang sa kayo ay nakapagtrabaho na nang siyam na buwan sa loob ng 60 na buwang yugto.

**Extended period of eligibility —** Pagkatapos ng inyong trial work period, kayo ay mayroong 36 na buwan kung kailan maaari kayong magtrabaho at makatanggap pa rin ng mga benepisyo para sa anumang buwang hindi "malaki" ang inyong kita. Sa 2018, itinuturing naming malaki ang kitang higit sa $1,180 ($1,970 kung kayo ay walang paningin (bulag)). Walang bagong aplikasyon o desisyon tungkol sa kapansanan na kailangan para kayo ay makatanggap ng benepisyo sa kapansanan ng Social Security sa panahong ito.

**Expedited reinstatement —** Kung ang pagbibigay ng inyong mga benepisyo ay huminto dahil kumikita kayo nang malaki, kayo ay may limang taon upang humiling sa aming simulang muli ang pagbibigay ng inyong benepisyo kung hindi ninyo kayang patuloy na magtrabaho dahil sa inyong kondisyon. Hindi ninyo kailangang mag-file ng bagong aplikasyon o maghintay na muling simulang ibigay ang inyong mga benepisyo habang muli naming sinusuri ang inyong medikal na kondisyon.

**Pagpapatuloy ng Medicare —** Kung ang pagbibigay ng inyong mga benepisyo sa kapansanan ng Social Security ay huminto dahil sa inyong kita, ngunit kayo ay may kapansanan pa rin, ang inyong libreng coverage ng Medicare Part A ay magpapatuloy nang hindi bababa sa 93 buwan pagkatapos ng siyam na buwang trial work period. Pagkatapos noon, maaari kayong bumili ng coverage ng Medicare Part A sa pamamagitan ng pagbabayad ng buwanang premium. Kung kayo ay mayroong coverage ng Medicare Part B, kayo ay dapat na magpatuloy sa pagbabayad ng premium. Kung nais ninyong tapusin ang inyong coverage ng Part B, kayo ay dapat na humiling nito sa pamamagitan ng pagsulat.

**Mga gastusin sa trabaho na may kinalaman sa inyong kapansanan —** Kung kayo ay nagtatrabaho, maaaring kailanganin ninyong bayaran ang ilang mga bagay at serbisyo na hindi binabayaran ng mga taong walang kapansanan. Halimbawa, dahil sa inyong medikal na kondisyon, maaaring kailanganin ninyong mag-taxi patungo sa trabaho sa halip na sumakay sa pampublikong transportasyon; o maaaring kailanganin ninyong magbayad para sa mga serbisyo sa counseling. Maaari naming ikaltas ang mga gastusing ito mula sa inyong buwanang kita bago kami magpasya kung kayo ay karapat-dapat pa rin sa mga benepisyo.

## Paano naaapektuhan ng inyong kita ang inyong mga benepisyo sa Social Security

Sa panahon ng trial work period, walang limitasyon sa inyong kita. Sa panahon ng 36 buwang extended period of eligibility, karaniwang hindi kayo maaaring kumita ng higit sa $1,180 kada buwan o mahihinto ang pagbibigay ng inyong mga benepisyo. Ngunit ibabawas namin ang inyong mga gastusin sa trabaho dahil sa inyong kapansanan kapag kinakalkula namin ang inyong kita. Kung kayo ay may karagdagang gastusin sa trabaho, ang inyong kita ay maaaring maging higit na malaki kaysa sa $1,180 bago maapektuhan ng mga ito ang inyong mga benepisyo. Ang halaga ng malaking kitang ito ay karaniwang tumataas kada taon.

Maaaring maging kabilang sa inyong mga gastusin sa trabaho ang halaga ng anumang mga bagay o serbisyong kailangan ninyo upang makapagtrabaho, kahit na ang mga ito ay kapaki-pakinabang din sa inyong pang-araw-araw na pamumuhay. Kabilang sa mga halimbawa ay ang mga copayment para sa mga iniresetang gamot, mga serbisyo sa counseling, transportasyon papunta at mula sa trabaho (sa ilalim ng ilang mga kondisyon), isang personal

na tagapag-alaga o tagapayo sa trabaho, isang wheelchair, o anumang natatanging kagamitan sa trabaho.

## Ano ang dapat iulat kung kayo ay nagtatrabaho at tumatanggap ng benepisyo sa kapansanan ng Social Security

Kung kayo ay tumatanggap ng Social Security dahil sa inyong kapansanan, kayo o ang inyong kinatawan ay dapat na magpaalam sa amin kaagad kung:

- Kayo ay nagsimula o huminto sa pagtatrabaho;
- Iniulat ninyo ang inyong trabaho, ngunit ang inyong tungkulin, oras, o suweldo ay nagbago; o
- Kayo ay nagsimulang magbayad ng mga gastusin para sa trabaho dahil sa inyong kapansanan.

Maaari ninyong iulat ang mga pagbabago sa inyong trabaho sa pamamagitan ng telepono, koreo, o personal na pagbibigay-alam. Matatagpuan ang inyong lokal na tanggapan sa aming website sa ***www.socialsecurity.gov***. Bibigyan namin kayo ng resibo upang kumpirmahin ang inyong ulat. Itago ang resibong ito kasama ng lahat ng inyong mahahalagang papeles na mula sa Social Security.

## Kung nawalan kayo ng trabaho

Kung nawalan kayo ng trabaho sa panahon ng trial work period, ang inyong mga benepisyo ay hindi maaapektuhan. Kung nawalan kayo ng trabaho sa pahanon ng 36 na buwang extended period of eligibility, tumawag sa amin at ibabalik namin ang inyong mga benepisyo hangga't kayo ay may kapansanan.

## Mga espesyal na patakaran para sa mga manggagawang walang paningin (bulag)

Kung kayo ay walang paningin, at kayo ay nagtatrabaho habang nakakatanggap ng inyong mga benepisyo ng Social Security, mayroong mga espesyal na patakaran:

- Kayo ay maaaring kumita ng hanggang $1,970 kada buwan sa 2018 bago maapektuhan ng inyong kita ang inyong mga benepisyo.
- Kung masyadong malaki ang kita ninyo upang makatanggap ng mga benepisyo sa kapansanan, kayo ay karapat-dapat pa rin para sa isang “freeze” dahil sa pagkakaroon ng kapansanan. Ito ay nangangahulugang hindi namin ibibilang sa pagpapasya ng mga benepisyo sa hinaharap ang mga taong iyon kung kailan kayo ay may kakaunti o walang kita dahil sa inyong kapansanan.

Ito ay makakatulong sa inyo dahil binabatay namin ang inyong mga benepisyo sa inyong pinakamataas na kita sa kabuuan ng inyong buhay habang nagtatrabaho. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga espesyal na patakaran para sa mga taong walang paningin (bulag), basahin ang *If You Are Blind or Have Low Vision — How We Can Help* (Publication No. 05-10052). (makukuha lamang sa Ingles)

## Ang mga insentibo sa trabaho ng SSI sa isang sulyap

(Ang mga patakaran ng SSI hinggil sa kapansanan ay nagsisimula sa pahina 2.)

**Pagpapatuloy ng SSI —** Ibinabayad namin ang mga benepisyo ng SSI sa mga taong nasa edad 65, walang paningin, o may kapansanan at may kakaunting kita o pinagkukunan ng pangangailangan. Kung kayo ay may kapansanan at nagtatrabaho sa kabila ng inyong kapansanan, maaari kayong magpatuloy sa pagtanggap ng mga kabayaran hanggang sa ang inyong kita, kasama ng anumang iba pang kita, ay lumampas sa mga limitasyon ng SSI.

Ang limitasyong ito ay naiiba sa bawat estado. Kahit na huminto ang mga kabayaran sa inyong SSI, kadalasang magpapatuloy ang coverage ng inyong Medicaid kung ang inyong kita ay mas mababa sa antas ng estado ninyo.

**Expedited reinstatement —** Kung pinahinto namin ang mga kabayaran sa inyo dahil sa inyong kita, at kayo ay hindi na muling nakakapagtrabaho dahil sa inyong medikal na kondisyon, maaari ninyong hilingin sa aming simulang muli ang inyong mga benepisyo. Hindi na ninyo kailangan pang mag-file ng panibagong aplikasyon sa kapansanan kung hihilingin ninyo ito sa loob ng limang taon pagkatapos ng buwan kung kailan huminto ang inyong mga benepisyo.

**Mga gastusin sa trabaho na may kinalaman sa inyong kapansanan —** Kung kayo ay nagtatrabaho, maaaring kailanganin ninyong bayaran ang ilang mga bagay at serbisyo na hindi binabayaran ng mga taong walang kapansanan. Halimbawa, dahil sa inyong medikal na kondisyon, maaaring kailanganin ninyong mag-taxi patungo sa trabaho sa halip na sumakay sa pampublikong transportasyon; o maaaring kailanganin ninyong magbayad para sa mga serbisyo sa counseling. Maaari naming ikaltas ang mga gastusing ito mula sa inyong buwanang kita bago kami magpasya kung kayo ay karapat-dapat pa rin sa mga benepisyo.

**Mga mag-aaral na may mga kapansanan** — Kung kayo ay wala pang 22 taong gulang, pumapasok sa paaralan, o regular na dumadalo sa isang programa ng pagsasanay, hindi namin ibinibilang ang ilan sa inyong kita. Sa 2018, hindi namin ibinilang ang hanggang $1,820 sa inyong kita bawat buwan (pinakamataas ang $7,350 para sa 2018) kapag aming kinakalkula namin ang inyong benepisyo ng SSI.

Sunod, naglaan kami ng buong seksyon upang ipaliwanag ang isang mahalagang insentibo sa trabaho ng SSI, ang programang plan to achieve self-support, o PASS.

## Plan to achieve self-support (PASS)

**Ang layunin ng plan** to achieve self-support ay ang matulungan kayong makuha ang mga bagay, serbisyo, o kasanayang inyong kailangan upang maabot ninyo ang inyong mga layunin sa trabaho. Ang inyong layunin sa trabaho ay dapat na makabawas sa inyong pag-asa sa SSI o tulungan kayong makaalis sa talaan ng benepisyo sa kapansanan ng Social Security o SSI. Ang anumang perang inyong ginagamit upang matulungang matamo ang inyong layunin sa trabaho ay hindi ibibilang kapag pinagpasyahan namin kung paano maaapektuhan ng inyong kasalukuyang kita at pinagkukunan ng pangangailangan ang inyong mga benepisyo. Halimbawa, maaari magbukod ng pera para sa inyong paaralan upang makakuha ng pagsasanay para sa isang trabaho o magsimula ng negosyo. Maaari rin ninyong gamitin ang perang inyong maiipon para sa:

- Transportasyon papunta o mula sa trabaho;
- Matrikula, mga libro, bayarin, at suplay na kailangan para sa paaralan o pagsasanay;
- Child care (pagpapa-alaga sa anak);
- Personal na tagapag-alaga
- Mga serbisyo sa trabaho, gaya ng pagpapayo tungkol sa trabaho at pagsusulat ng resume;
- Teknolohiyang pantulong na ginagamit para sa trabaho;
- Mga suplay upang magsimula ng negosyo;
- Mga kagamitan at kasangkapan upang gawin ang trabaho; o
- Mga uniporme, espesyal na pananamit, at kagamitan para sa kaligtasan.

**Paano magtakda ng plano —** Ang plano ay dapat na nakasulat, at ito ay dapat aprubahan ng Social Security. Upang magsimula, makipag-ugnayan sa inyong lokal na tanggapan ng Social Security para sa aplikasyon (Form SSA-545-BK). Pagkatapos, sundin ang mga hakbang sa ibaba upang itakda ang inyong plano:

1. Pagpasyahan kung ano ang inyong layunin sa trabaho. Halimbawa, maaaring ang inyong layunin ay magkaroon ng trabahong gusto ninyo, at sa tingin ninyo ay magagawa ninyo, kapag inyong nakumpleto ang inyong plano. Maaari namin kayong i-refer sa isang tagapayo sa bokasyonal na rehabilitasyon na tutulong sa inyong pag-isipan ang inyong layunin sa trabaho. Maaari rin kayong tulungan ng iba pang mga ikatlong partido. Maaari rin kayong magtakda ng isang plano upang tustusan ang mga gastusin sa bokasyonal na serbisyo (kabilang ang eksamen, bokasyonal na serbisyo, at pagpaplano sa negosyo).
2. Tukuyin ang lahat ng mga hakbang na inyong kailangang gawin upang maabot ang inyong layunin at kung gaano katagal ang kakailanganin ninyo upang makumpleto ang bawat hakbang.
3. Pagpasyahan kung anong mga bagay o serbisyo ang inyong kakailanganin upang maabot ang inyong layunin. Dapat ipakita ng inyong plano kung paano kayo matutulungan ng isang bagay o serbisyo upang maabot ang inyong layunin. Halimbawa, kung nais ninyong magtrabaho sa isang restoran, maaaring kailanganin ninyo ang pagsasanay upang matutong magluto. Kung nais ninyong maging isang computer programmer, maaaring kailanganin ninyo ang degree sa kolehiyo. Kung nais ninyong magsimula ng inyong sariling negosyo, maaaring kailanganin ninyong bumili ng kagamitan.
4. Kumuha ng ilang pagtatantiya sa gastos para sa mga bagay at serbisyong inyong kakailanganin. Aaprubahan lamang namin ang mga bagay at serbisyong napresyuhan sa makatwirang paraan.
5. Alamin kung magkano ang perang kailangan ninyong ilaan sa bawat buwan upang bayaran ang mga bagay at serbisyong ito. Kung kayo ay naglalaan ng kita para sa inyong plano, ang kabayaran sa inyong SSI ay kadalasang tataas upang matulungan kayong matugunan ang inyong mga gastusin sa pamumuhay. Maaari naming tantiyahin ang magiging bagong halaga ng inyong SSI kung aaprubahan namin ang inyong plano.
6. Sabihin sa amin kung paano ninyo mapapanatiling nakabukod ang mga pondo para sa inyong plano mula sa anumang iba pang perang mayroon kayo. Ang pinakamadaling paraan upang gawin ito ay magbukas ng hiwalay na account sa bangko para sa perang inyong iipunin sa ilalim ng inyong plano.
7. Kumpletuhin ang LAHAT ng mga tanong sa ***FORM SSA-545-BK***, pirmahan at petsahan ito. Siguraduhing nakasulat sa form ang inyong tamang adres at numero ng telepono.
8. Dalhin o ipadala ang inyong nakumpletong form sa inyong lokal na tanggapan ng Social Security.

Kung kailangan ninyo ng tulong sa pagsusulat ng inyong plano, maaari kayong tulungan o i-refer ng inyong lokal na tanggapan ng Social Security sa isang lokal na organisasyong makakatulong sa inyo.

## Kung ang inyong layunin sa trabaho ay magtrabaho para sa sarili

Isama ang isang detalyadong planong pangnegosyo sa inyong aplikasyon kung nais ninyong magsimula ng inyong sariling negosyo. Dapat ipaliwanag ng inyong planong pangnegosyo:

- Kung anong uri ng negosyo ang nais ninyong simulan (halimbawa, isang restoran, isang tagapag-imprenta);
- Kung saan ninyo ilalagak ang inyong negosyo (halimbawa, magrenta ng isang tindahan, o makibahagi sa espasyo);
- Ang inyong oras ng pagpapatakbo;
- Kung sino ang inyong magiging mga kostumer, supplier at kakumpitensya;

- Kung paano ninyo ipapahiwatig sa publiko ang inyong produkto o serbisyo;
- Kung anong mga bagay at serbisyo ang inyong kakailanganin upang simulan ang negosyo;
- Kung ano ang magiging halaga ng mga bagay at serbisyong ito;
- Kung paano ninyo babayaran ang mga bagay at serbisyong ito;
- Ang inyong mga inaasahang kita para sa unang apat na taon ng negosyo.

***TANDAAN*** *Hinihikayat namin kayong makipag-usap sa isang taong tutulong sa inyong sumulat ng planong pangnegosyo. Ito ay maaaring isang taong mula sa Small Business Administration, Service Corps ng Mga Retiradong Executive, isang bokasyonal na tagapayo, lokal na banker, o sinumang pamilyar sa pagtulong sa mga tao sa pagsisimula ng negosyo. Maaari ninyong isama ang anumang mga gastusin para sa tulong na ito sa inyong plano.*

**Dapat suriin ng Social Security ang inyong plano —** Matapos ninyong maisumite ang inyong aplikasyon, ang eksperto sa plano ng Social Security ay:

- Magsusuri sa inyong plano upang masigurong ito ay kumpleto;
- Magpapasya kung ang inyong plano ay magbibigay sa inyo ng magandang pagkakataong maabot ang inyong layunin;
- Magpapasya kung ang mga gastusing nakalista ay kailangan upang maabot ang inyong layunin at kung ang mga ito ay napresyuhan sa makatwirang paraan;
- Magpapasya kung ang inyong plano ay nangangailangan ng anumang mga pagbabago; at
- Magpapadala sa inyo ng liham upang ipaalam sa inyo kung aaprubahan o tatanggihan namin ang inyong plano.

Kung aaprubahan namin ang inyong plano, pana-panahong makikipag-ugnayan sa inyo ang eksperto upang siguraduhing sinusunod ninyo ang inyong plano upang maabot ang inyong layunin. Siguraduhing itinatabi ninyo ang mga resibo para sa mga bagay at serbisyong inyong binili sa ilalim ng plano.

**Kung tinanggihan namin ang inyong plano, maaari kayong mag-apela —** Kung hindi namin inaprubahan ang inyong plano, kayo ay may karapatang iapela ang desisyon. Ipapaliwanang ng liham na inyong natanggap ang inyong mga karapatan sa pag-apela at sasabihin sa inyo kung paano mag-file ng isang apela. Maaari rin kayong magsumite ng bagong plano sa amin.

**Kung inaprubahan namin ang inyong plano, maaari kayong gumawa ng mga pagbabago** — Kung pagpapasyahan ninyong baguhin ang inyong plano sa paglaon, maaari ninyong gawin ito. Ngunit dapat kayong kumuha ng pag-apruba mula sa Social Security bago kayo gumawa ng anumang mga pagbabago. Ipaalam sa amin sa pamamagitan ng pagsulat kung anong mga pagbabago ang nais ninyong gawin, gaya ng pagbabago sa perang ilalaan bawat buwan o pagbabago sa mga gastusing matatamo ninyo. Susuriin ng eksperto ang mga pagbabago at ipapaalam sa inyo kung aaprubahan namin ang mga ito. Ipaalam sa amin ang tungkol sa mga pagbabagong makakaapekto sa inyong plano sa lalong madaling panahon.

**Ipaalam sa amin kung hindi ninyo kayang kumpletuhin ang inyong plano —** Makipag-ugnayan sa inyong tanggapan ng Social Security kung mapagpasyahan ninyong hindi ninyo kayang ipagpatuloy ang inyong plano. Maaari kayong matulungan ng eksperto sa pagpaplano sa paggawa ng ilang mga pagbabago sa inyong plano upang maabot ang inyong layunin. O, maaari kayong magsulat ng panibagong plano na may bagong layunin sa trabaho.

Kung hindi ninyo makukumpleto ang inyong plano, sisimulan naming ibilang sa pagkalkula ng inyong buwanang benepisyo ng SSI ang inyong kita o mga pinagkukunan ng pangangailangan na inyong ibinubukod para sa inyong plano. Ibig sabihin, maaaring maging mas maliit o ihinto ang pagbabayad ng inyong SSI. Kung kayo ay maghihintay nang napakatagal upang ipaalam

sa amin na kayo ay tumigil sa pagtapos sa inyong plano, maaaring makatanggap kayo ng labis na SSI. Pagkatapos, maaaring kailanganin ninyong bayaran ang mga kabayaran ng SSI na inyong natanggap simula noong kayo ay tumigil sa pagsisikap na tapusin ang inyong plano. Tandaan, maaari rin ninyong piliing magsulat ng panibagong plano na may bagong layunin sa trabaho.

## Paano naaapektuhan ng inyong kita ang inyong mga kabayaran ng SSI

Binabatay namin ang mga kabayaran ng inyong SSI sa halaga ng iba pang kita na mayroon kayo. Kapag tumaas ang iba ninyong kita, ang mga kabayaran ng inyong SSI ay kadalasang bumababa. Kaya't kapag kayo ay kumikita nang higit sa limitasyon ng SSI, mahihinto para sa mga buwang iyon ang mga kabayaran sa inyo. Ngunit ang inyong mga kabayaran ay awtomatikong magsisimulang muli para sa anumang buwan kung kailan bababa ang inyong kita nang mas mababa sa mga limitasyon ng SSI. Ipaalam sa amin kung bumaba ang inyong kita, o kung kayo ay huminto sa pagtatrabaho.

Kung ang SSI at ang perang nakukuha ninyo mula sa inyong trabaho ang tanging pinagmumulan ng kita ninyo, hindi namin ibibilang ang unang $85 ng inyong buwanang kita. Sa bawat buwan, binabawasan namin ng 50 sentimo ang inyong mga benepisyo ng SSI sentimo para sa bawat dolyar na kikitain ninyo na lalampas sa $85.

**Halimbawa:** Kayo ay nagtatrabaho at kumikita ng $1000 sa isang buwan at ang inyong <u>natatanging</u> kita ay ang inyong sweldo <u>at</u> ang inyong SSI.

$1,000

-$85

---

$915 hinati sa 2 = $457.50

Kukunin namin ang $457.50 mula sa kabayaran sa inyo ng SSI.

Kayo ay maaaring maging karapat-dapat para sa plan to achieve self-support na nagpapahintulot sa inyong gamitin ang pera at mga pinagkukunan ng pangangailangan para sa partikular na layunin sa trabaho. Ang mga pondong ito ay hindi nabibilang kapag pinagpapasyahan namin kung paano naaapektuhan ng inyong kasalukuyang kita at mga pinagkukunan ng pangangailangan ang inyong mga benepisyo.

## Ano ang dapat iulat kung kayo ay nagtatrabaho at tumatanggap ng SSI

Kung kayo ay tumatanggap ng SSI, dapat ninyong agad na ipaalam sa amin kapag:

- Kayo ay nagsimula o huminto sa pagtatrabaho;
- Ang inyong mga tungkulin, oras, o suweldo ay nagbago; o
- Kayo ay nagsimulang magbayad ng mga gastusin para sa trabaho dahil sa inyong kapansanan.

Dapat ninyong iulat ang inyong buwanang kita sa pamamagitan ng:

- Pagtawag sa amin nang libre sa **1-800-772-1213** o sa aming numero para sa TTY, **1-800-325-0778**, kung kayo ay hindi nakakarinig o nahihirapang makarinig, pagsapit ng o bago ang ika-6 na araw ng kasunod na buwan; o
- Pagdala o pagpapadala ng inyong mga pay stub sa inyong lokal na tanggapan ng Social Security pagsapit ng o bago ang ika-10 araw ng kasunod na buwan.

Matatagpuan ang inyong lokal na tanggapan sa aming website sa ***www.socialsecurity.gov***. Bibigyan namin kayo ng resibo upang kumpirmahin ang inyong ulat. Itabi ang resibong ito kasama ng lahat ng inyong mahahalagang papeles na mula sa Social Security.

Karamihan sa mga taong nakakagamit ng telepono ay maaaring mag-ulat ng mga sahod gamit ang aming automated na sistema ng pag-uulat ng sahod. Sa pamamagitan

ng pag-uulat ng mga buwanang sahod sa pamamagitan ng telepono, makakatipid kayo ng papel, selyong pangkoreo, at oras, dahil hindi na ninyo kailangan pang ipakopya, i-fax o ipadala ang ebidensya ng sahod sa lokal na tanggapan. Makipag-ugnayan sa Social Security upang mag-enroll.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa pag-uulat ng mga kita, basahin ang *Reporting Wages When You Receive Supplemental Security Income (SSI)* (Publikasyon Blg. 05-10503). (makukuha lamang sa Ingles)

## Gaano katagal magpapatuloy ang inyong Medicaid

Sa pangkalahatan, ang coverage ng inyong Medicaid ay magpapatuloy kahit matapos huminto ang mga kabayaran sa inyo ng SSI, hanggang sa ang inyong kita ay umabot sa partikular na antas. Ang antas na ito ay nag-iiba sa bawat estado at sumasalamin sa halaga ng pangangalagang pangkalusugan sa inyong estado. Maaari naming ipaalam sa inyo ang antas ng Medicaid sa inyong estado. Ngunit kung ang halaga ng inyong pangangalagang pangkalusugan ay mas mataas kaysa sa antas na ito, maaari kayong kumita nang mas malaki at mapapanatili pa rin ang inyong Medicaid. Sa karamihan sa mga estado, para magpatuloy ang inyong Medicaid, dapat na:

- Kailangan ninyo ito upang makapagtrabaho;
- Wala kayong kakayahang tustusan ang katulad na medikal na coverage kapag walang SSI;
- Kayo ay may kapansanan pa rin; at
- Makatugon kayo sa lahat ng iba pang mga pangangailangan para sa pagiging karapat-dapat para sa SSI.

Kung kayo ay kuwalipikado para sa Medicaid sa ilalim ng mga patakarang ito, pana-panahon naming susuriin ang inyong sitwasyon upang alamin kung kayo ay may kapansanan pa rin o walang paningin at kumikita pa rin nang mas mababa sa pinapahintulutang antas ng inyong estado.

## Pakikipag-ugnayan sa Social Security

May iba't ibang paraan para makipag-ugnayan sa Social Security, kabilang na ang online, sa pamamagitan ng telepono, at nang personal. Naririto kami para sagutin ang inyong mga katanungan at upang mapaglingkuran kayo. Higit na sa 80 taon, ang Social Security ay nakatulong na mapanatag ang kabuhayan ngayon at para sa kinabukasan sa pamamagitan ng pagkakaloob ng mga benepisyo at pinansiyal na proteksyon para sa milyon-milyong mga katao para sa kanilang pamumuhay.

### Bumisita sa aming website

Ang pinakamadaling paraan na makipag-ugnayan sa Social Security mula saanmang lugar kahit kailan, ay bumisita sa ***www.socialsecurity.gov***. Doon, maaari kayong:

- Lumikha ng isang *my* Social Security account para mabalikan ang inyong *Social Security Statement*, patotohanan ang inyong mga kinita, mag-print ng isang benefit verification lettert (liham ng pagpapatotoo ng benepisyo), baguhin ang inyong impormasyon para sa direktang pagde-deposito, humiling ng isang pamalit na Medicare card, kumuha ng kapalit na SSA-1099/1042S, at marami pang iba;
- Mag-apply para sa Extra Help (Karagdagang Tulong) gamit ang mga gastusin sa plano ng Medicare para sa inireresetang gamot;
- Mag-apply para sa retirement, kapansanan at mga benepisyo sa Medicare;
- Maghanap ng mga kopya ng aming mga inilathala;
- Makuha ang mga sagot sa mga madalas a katanungan; at
- Marami pang iba!

Ang ilang sa mga serbisyong ito ay makukuha lang sa wikang Ingles. Bumisita sa aming Multilanguage Gateway para sa impormasyon sa wikang Tagalog. Kami ay nagkakaloob ng libreng serbisyo ng interpreter para tulungan kayo sa pagsasagawa ng inyong dapat gawin sa Social Security. Ang mga serbisyo ng interpreter ay handang magamit kung kayo ay makikipag-usap sa amin sa telepono o sa tanggapan ng Social Security.

### Tumawag sa amin

Kung wala kayong access sa internet, kami ay naghahandog ng maraming mga automated na serbisyo sa pamamagitan ng telepono, 24 oras, 7 araw sa isang linggo. Tumawag sa amin sa walang bayad na toll sa **1-800-772-1213** o sa aming TTY na numero, **1-800-325-0778**, kung kayo ay hindi nakakarinig o nahihirapan makarinig.

Kung kailangan ninyong makipag-usap sa isang tao, masasagot namin ang inyong mga tawag mula 7 a.m. hanggang 7 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Humihingi kami ng kaunting pasensya sa mga panahon na napakaraming ginagawa dahil maaari kayong makaranas ng higit sa karaniwang dalas na pagka-busy ng telepono at mas matatagal na panahon ng paghihintay sa tawag para makausap kami. Inaasahan namin na makapaglingkod sa inyo.

Securing today
and tomorrow

**Social Security Administration**
Publication No. 05-10095-TL | March 2018
Pagtatrabaho Habang May Kapansanan: Paano Kami Makatutulong
Working While Disabled: How We Can Help (Tagalog)
Produced and published at U.S. taxpayer expense
Ang nagbabayad ng buwis sa U.S. ang nagbayad para sa paglikha at paglathala nito